





lalim ng baha	
10.0m o higit pa	
5.0m - wala pa sa 10.0m	
3.0m - wala pa sa 5.0m	
1.0m - wala pa sa 3.0m	
0.5m - wala pa sa 1.0m	
0.3m - wala pa sa 0.5m	
wala pa sa 0.3 m	

Ang bahaging naka-hatched line ay distrito sa labas ng siyudad ng Nagoya (hindi ipinapakita ang lalim ng baha)

- (paliwanag)**
- Ang pagbaha na ipinapakita sa chart ay base sa tinatayang mga lugar na magkakaroon ng pag-apaw na baha, lalim ng baha, at oras ng pagdating nito kapag nagkataon na magkaroon ng abnormalidad sa dike ng reservoir, na kinalakula gamit ang simulation.
 - Kinalakula ang mga lugar na magkakaroon ng pag-apaw na baha batay sa kondisyon ng pagkawasak habang nasa normal na taas ng tubig ang reservoir.
 - Ang mga lugar na magkakaroon ng pag-apaw na baha, lalim ng baha, at oras ng pagdating nito ay tantiya lamang. Maaaring lumaki ito kaysa sa tinantiya dahil sa iba't ibang kondisyon.
 - Hindi nangangahulugan na ang mga reservoir na ipinapakita dito ay mapanganib kaagad.
 - Ang chart na ito ay nilikha batay sa resulta ng simulation na isinagawa ng siyudad ng Nagoya.

- (Kapag nakakita ng abnormalidad sa reservoir)**
- Alamin ang chart ng tinatayang lugar ng pagbaha, at kapag nalaman na may panganib na magkaroon ng sakuna dulot ng reservoir, tulad ng kapag nakakita ng abnormalidad sa reservoir o kapag may lumabas na anunsyo ng paglikas mula sa lungsod, tiyakin kaagad ang kaligtasan.
 - Ang penomeno ng abnormalidad sa dike bago ito mawasak ay mga bitak sa dike, pagsibol ng tubig mula sa dike atbp.

(Mga pangunahing klase ng pagkawasak)



slip failure
Ito ay penomeno kung saan nagkakaroon ng slip sa dalisdis na nagdudulot ng pagkawasak nito dahil sa pagyanig ng dike mula sa lindol, pagtagos ng tubig sa loob ng dike mula sa ulan o tubig na nakaimbak sa reservoir, atbp.

pagtagas ng tubig
Ito ay penomeno kung saan ang mga bitak na nabuo sa dike ng reservoir ay nagiging daan kung saan dumadaloy ang tubig at unti-unting lumalaki hanggang mawasak ang dike.

